

Editorial

Paigtingin ang digmang bayan sa pagtatapos ni Aquino at pagluluklok sa bagong papet na rehimen

Sa harap ng nalalapit na reaksyunaryong eleksyon, pagtatapos ng lumang papet na rehimen at pagsisimula ng bago, malinaw sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga rebolusyonaryong pwersa ang tungkuling paigtingin ang digmang bayan sa buong bansa. Mahigpit na tangan ng mga Pulang mandirigma ang mga sandata ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Lalo pa nating paigtingin ang mga taktikal na opensiba sa nalalabing mga buwan ni Benigno Aquino III sa poder ng reaksyunaryong gubyrno. Nag-uumapaw ang poot ng bayan sa anim na taong paghahari ng bulok, kriminal, pasista at papet na rehimen ng Aquino. Ibawel ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa upang isalubong sa bagong papet na rehimen ng iluluklok at babasbasan ng imperyalismong US sa pamamagitan ng eleksyon sa Mayo.

Tiyak na kakaharapin ng bayan sa ilalim ng bagong papet na rehimen ang pagbibigay-daan sa lalong malawak na panghihimasok militar ng US (kaakibat ang paglakas ng militarismo ng Japan), ang pagbabago sa konstitusyong 1987 para ganap itong iyon sa interes ng dayuhang malalaking kapitalista at ipailalim ang Pilipinas sa kasunduang Trans-Pacific Partnership ng US at iba pang mga usapin ng pambansang kalaayan. Magsisilbi ang bagong rehimen bilang tagapagpataw ng mga patakarang lalo pang magpapalala sa pagsasamantala at

pagpapahirap sa mga manggagawa at magsasaka, kabataan at estudyante, guro at karaniwang kawani, maliliit na propesyunal at iba pang aping mga uri at sektor.

Sinuman sa mga kandidato ang manalo, magsusuot siya ng maskarang “makamahirap,” “anti-korapsyon,” at “anti-krimen” at magpanggap na tagapagtaguyod ng “malinis na gubyrno” at “serbisyo para sa bayan” para palabasing ang reaksyunaryong estado ay kumaka-

tawan at tumutugon sa kapakanan ng mamamayan. Ang totoo, lahat sila'y kumakatawan sa interes ng mga dayuhang kapitalista at malalaking kumprador at sangkot sa kriminal na operasyon ng mga buruk-rata-kapitalistang gumagamit sa kapangyarihan ng estado para sa kani-kanilang negosyo at interes.

Agad na punitin at alisin ang maskara ng uupong rehimen at huwag itong hayaang makapanggap para linlangin ang mamamayan. Paigtingin ang armadong pakikibaka habang lumalakas ang demokratikong mga pakikibakang masa. Sabayan ng kaliwa't kanang mga taktikal na opensiba ang papadagundong na mga martsa sa lansangan. Sa gayong paraan, puspusang maisusulong ng sambayanang Pilipino ang



kanilang pambansa-demokratikong mga pakikibaka para yanigin at wakasan ang mapang-api at mapagsamantalang naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Ganap nang bigo ang Oplan Bayanihan sa itinakda nitong layunin na ipawalangsaysay ang BHB pagsapit ng 2016. Sa halip na magapi, sumulong ang BHB sa Southern Mindanao, North Central Mindanao at North Eastern Mindanao na kinonsentran ng AFP ng pwersa at lakas-sandata na may suporta ng militar ng US. Kaakibat nito, tuluy-tuloy ring pinaigting ng iba't ibang yunit ng BHB ang armadong pakikibaka sa buong bansa.

Hungkag ang mga idinedeklara ng AFP na mga prubinsyang "conflict-manageable and ready for development" para palabasing mahina o wala nang BHB sa lugar. Ang gayong mga deklarasyon ay pinasisi-nungalingan ng pagsiklab ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa iba't ibang prubinsya. Sa mga darating na buwan, mapupwersa ang AFP na ibasura ang linyang "conflict-manageable" sa pagsiklab ng mas marami

pang kaliwa't kanang mga taktikal na opensiba sa buong bansa.

Mahigpit nating panghawakan ang tungkuling paigtingin ang digmang bayan. Dapat masinsing pagplanuhan ang paglulunsad pangunahin ng mga anihilatibong taktikal na opensiba para lipulin ang kaaway at kunin ang kanilang mga sandata.

Dapat kritikal na magsuri, magtasa at maglagom ang bawat antas ng kumand ng BHB para suriin ang mga salik na humahadlang sa paggampan ng BHB sa pangunahin nitong tungkulin na maglunsad ng mga taktikal na opensiba para sa maramihang pagsamsam ng sandata mula sa kaaway. Tukuyin at pangibabawan ang iba't ibang manipes-tasyon ng konserbatsiyong militar, gerilyaismo at sibilyanisasyon. Palakasin ang mga lokal na namumunong kadre ng Partido at itaas ang kakayahan nila sa pamumuno sa kilusang magsasaka upang mabigyan ang BHB ng mas malaking panahon para sa gawaing militar.

Lahatang-panig na palakasin at itaas ang kakayahan ng BHB. Isa-

gawa ang malawakang pagrerekrut ng mga bagong Pulang mandirigma. Itakda ang depinidong mga target para sa mapangahas na pagpala-wak. Buuin, ipatupad at tasahin ang plano para abutin ito hanggang sa antas baryo at komunidad. Isagawa ang mga kampanya ng rekrutment kaakibat ng mga pakikibakang ma-sang antipyudal at sa pagtatayo ng mga organisasyong masa, milisyang bayan at organo ng kapangyarihang pampulitika.


Dapat mabilis na paramihin ang sandata ng BHB upang armas-an ang lahat ng Pulang mandirigma at binubuong mga yunit ng milisyang bayan. Dapat ilunsad ang daan-daang operasyong agaw-ar-mas ng mga regular na pwersa ng hukbo, pati na rin ng mga milisya, yunit para sa sariling-depensa at organisasyong masa. Ang bigay ng US sa AFP na bagong malalakas na sandatang pang-asolt tulad ng mga ripleng M4, K3 at iba pa ay dapat mapunta sa kamay ng Pulang mandirigma.

Lahat ng yunit at kumand ng BHB ay dapat bumuo at magsaka-tuparan ng mga plano para sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na tiyak na maipagtatagumpay para sa maramihang pagsamsam ng sandata mula sa kaaway. Tukuyin ang mahihinang detatsment, istasyon ng pulis, tsekpoynt at iba pang target militar na may mga armori o istak ng sandata.

Tambangan ang mahihina at nahihawalay na yunit ng kaaway para kunin ang kanilang mga sandata. Targetin din ang mga armori ng mga pribadong hukbo ng mga *warlord* at pulitiko, pati na mga pwersang panseguridad ng mga empresang pag-aari at pinatakbo ng malalaking burgesyang kumprador at kasosyong monopol-yo-kapitalistang dayuhan.

Kasabay ng maramihang suntok sa katawan, pagplanuhan ang malalakas na suntok sa ulo ng kaaway.

Tiyakin ang paglulunsad ng pagsasanay pulitiko-militar para sa lahat ng Pulang mandirigma upang

 <p>Tomong XLVII Blg. 6 Marso 21, 2016</p> <p>Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa www.philippinerevolution.net Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-decoration: underline;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Paigtingin ang digmang bayan 1</p> <p>96 na taktikal na opensiba mula Enero 3</p> <p>Radyo Pakikibaka 5</p> <p>Pakikibaka sa loob at labas ng piitan 6</p> <p>Barikada sa Eastmincom 7</p> <p>Araw ng Kababaihang Anakpawis 8</p> <p>Pamamaril sa mga magsasaka 9</p> <p>Desisyon pabor sa K+12, tinuligsa 9</p> <p>Komersyalisasyon ng UP 9</p> <p>Manggagawa sa TV5, nagprotesta 10</p> <p>Grace Poe at Danding Cojuangco 11</p> <p>Lider ng Basque, pinalaya 11</p>
<p>Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

itaas ang kanilang kakayahan sa mga gerilyang pagkilos at maniobra, sa pagpapaputok at panunudla, sa paggamit ng eksplosibo at iba pang praktikal at saligang kakayahang militar. Dapat regular na magrebaso ng mga pagsasanay. Paunlarin ang kalusugan at pangangatawan ng mga Pulang mandirigma sa pamamagitan ng regular na pag-eehersisyo ng mga yunit at paghikayat sa pagbabawas ng paninigarilyo.

Tuluy-tuloy na pahigpitin ang disiplinang militar at ang pagtalima sa "tres-otso" (tatlong punto ng disiplina at walong puntong dapat tandaan). Regular na magtasa sa kahandaan at militansya ng mga Pulang mandirigma. Buhayin ang tatlong demokrasya sa pulitika, ekonomya at militar. Tiyaking buhay ang gawaing pangkultura at edukasyon sa bawat yunit ng BHB. Tiyakin ang araw-araw na mga talakayan sa maiinit na usaping pambayan at regular na pagpapalaganap, pagbabasa at pagtatalakay ng *Ang Bayan*.

Dapat mulat na buuin, palawakin at itaas ang organisasyon at kakayahang-militar ng mga yunit ng milisyang bayan. Tuluy-tuloy na sanayin ang mga milisyang bayan sa pagpapalano at paglulunsad ng mga taktikal na opensibang angkop sa kanila. Ang aktibong paglahok sa armadong pakikibaka ng daan-daang milisya sa bawat larangang gerilya ay isa sa mga aspeto ng digmang bayan na dapat paunlarin upang gawin itong malaganap at tunay na di magagapi.

Patuloy na buuin ang lakas-kumpanyang mga larangang gerilya at mga inter-larangan o subrehiyong sentro ng pamumunong militar o kumand sa operasyon. Dapat wastong gamitin ang armadong lakas ng hukbong bayan kaakibat ng pagpapasigla at malawakang pagpapakilos sa mga lokal na sangay ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa upang malawakang pakilusin ang mamamayan sa digmang bayan.

Dapat isagawa ang pagsasanay ng mga upisyal ng

BHB upang hasain ang mga Pulang kumander sa syensyang militar at itaas ang kakayahan sa pamumuno ng digmaan sa taktikal at estratehikong antas. Kailangan ng BHB ng paparaming upisyal na may kakayahang maging kumander ng mga platon, kumpanya at batalyon.

Dapat maramihang magtalaga sa BHB ng mga aktibista at kadre ng Partido mula sa hanay ng uring manggagawa at mga nakapag-aral na petiburgesyang lunsod.

Kailangan sila para punuan ang lumalaking puwang para sa mga Pulang kumander at upisyal at mga tauhan para sa departamento sa pulitika (propaganda, edukasyon, kultura), administrasyon, medikal, paniniktik, ordnans at pananaliksik.

Ang sustenido, antas-antas at matatag na pagsusulong ng armadong pakikibaka ay maisasagawa lamang kung walang tugot na isusulong ang rebolusyong agraryo at pasisiglahin ang mga pakikibakang masang antipyudal ng masang magsasaka. Ang masisiglang pakikibakang masang antipyudal ang nagpapalalim at nagpapatatag sa base ng rekrutment ng BHB.

Pana-panahong lagumin ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa. Tiyaking nakokonsolida ang mga tagumpay sa mga pakikibakang antipyudal at tuluy-tuloy na sumusulong ito sa rebolusyonaryong landas, pinapawi ang mga lumilitaw na mga impluwensyang petiburges at tuluy-tuloy na binubuo ang organisadong lakas ng mahihirap na magsasaka at napatatag ang batayang alyansang manggagawa at magsasaka sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagrekrut ng mga bagong Pulang mandirigma.

Ang mga tungkuling ito ay kabilang sa mga dapat nating panghawakan sa pagdiriwang ng ika-47 anibersaryo ng BHB. Mahigpit nating panghawakan ang mga ito upang tiyakin ang tuluy-tuloy na pagsulong ng mataagalang digmang bayan tungo sa bagong estratehikong antas sa lalong madaling panahon. AB

96 na taktikal na opensiba ng BHB mula Enero

Araw-araw na mga taktikal na opensiba ang ibinigwas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado sa iba't ibang panig ng bansa nitong unang kwarto ng 2016.

Sa panimulang mga ulat, hindi bababa sa 96 na taktikal na opensiba ang isinagawa ng BHB mula Enero hanggang Marso 21. Sa mga ito, mahigit 216 ang kaswalti mula sa hanay ng AFP-PNP-CAFGU at mga grupong paramilitar. Hindi pa nabibilang sa ulat ang mga aksyong militar tulad ng mga depensibang labanang napangibabawan ng BHB, mga pagpataw ng parusa sa masasamang elemento, at pag-

parusa sa mga kumpanyang pumipinsala sa kalikasan at sa mamamayan.

Nanggaling ang panimulang mga ulat mula sa mga kumand ng BHB sa Northern Luzon, Bicol, Eastern Visayas, Negros, Panay, North Eastern Mindanao, North Central Mindanao, at Southern Mindanao. Tampok sa mga naipagtagumpay ng BHB ay ang ang pagsamsam ng 14 na armas sa reyds sa isang istasyon ng pulis sa

Eastern Samar, ang isang araw na sinkronisadong mga atake sa NEMR, at ang paglipol ng 27 tropa ng RPSB-2 sa Cagayan Valley. Ang mga ito ay kinumbinahan ng mahigit isang taktikal na opensiba. Marami ang isinagawa nang may mataas na antas ng koordinasyon.

Ang mga opensibang ito ay tugon ng BHB sa pagtatapos ng Oplan Bayanihan at laban sa paparating na eleksyon.

Eastern Visayas. Sampung M16 at apat na kalibre .45 na pistola ang

nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa reyd sa istasyon ng pulis sa Balangkayan, Eastern Samar, dakong alas 7:30 ng gabi noong Marso 6. Ang matagumpay na taktikal na opensibang ito ay isinakatuparan ng panrehiyong kumand ng BHB sa Eastern Visayas (Efren Martires Command) at ng pamprubinsyang kumand ng BHB sa Eastern Samar (Sergio Lobino Command).

Agad na nakontrol ng mga Pulang mandirigma ang istasyon sa pamamagitan ng mabilis at sorpresang atake, kaya't hindi na nakapanlaban ang anim na pulis na naka-duty. Isinagawa ang walang-putok na reyd sa loob ng humigit-kumulang 30 minuto. Lahat ng mga sumukong pulis ay tinrato nang makatao at ligtas na pinalaya ng BHB. Kabilang sa mga nakumpiska ang mga bala, iba pang kagamitang militar at dalawang *laptop computer*.

Ayon kay Fr. Santiago "Ka Sanny" Salas, tagapagsalita ng NDF-Eastern Visayas, ang opensibang ito ay hakbang pamarusa sa pagsuporta ng Balangkayan Municipal Police sa Oplan Bayanihan.

Bicol. Limang sundalo ng 31st IB ang kaswalti nang pasabugan ng *command-detonated explosive* (CDX) at ambusin ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command) ang tropa ng kaaway na nag-operasyon sa Barangay Sangat, Gubat bandang alas-10 ng umaga noong Marso 19. Nasugatan sa pananambang si 2Lt. Jonathan Baay, ang kumander ng mga tropang militar.

Mula huling linggo ng Enero ay tuluy-tuloy na mga operasyon ang isinagawa ng 31st IB sa East Sorsogon. Pitong barangay ng Barcelona ang pinakatan ng operasyong saywar ng mga Peace and Development Team, habang mga operasyong *strike* naman ang inilulunsad sa ilang barangay ng Gubat.

Samantala, tatlong operasyong demolisyon ang isinagawa ng BHB-


Masbate (Jose Rapsing Command) noong Marso 3, 4, at 6 laban sa mga tropa ng AFP at PNP sa isla.

Unang pinasabugan ng CDX ang *convoy* ng PNP-Masbate sa Barangay Badjang, Cataingan. Isinagawa ang operasyon dakong alas-2 ng hapon noong Marso 3 habang pabalik sa Masbate City ang mga pulis mula sa bayan ng Pio V. Corpuz. Dalawang elemento ng PNP ang namatay at isa ang nasugatan. Lulan ng *convoy* si Police Superintendent Brian B. Castillo, ang Deputy Provincial Director for Operations ng PNP-Masbate.

Kinabukasan, alas-2 ng umaga, isang siksabay ng 9th IB ang pinasabugan sa Barangay Asid, Masbate City habang binabaybay nito ang haywey pabalik sa kanilang himpilan sa katabing bayan ng Milagros. Tumirik ang trak matapos pasabugan ng eksplosibo.

Isa pang operasyong demolisyon ang isinagawa ng dalawang kumando tim mula sa JRC noong Marso 6, alas-10 ng gabi laban sa mga tropa ng 9th IB na pansamantalang nakahimpil sa Barangay Cabangcalan, Placer. Nailapit ng mga Pulang mandirigma ang mga pasabog sa dalawang base na inookupa ng isang platoon ng militar. Nawasak ang mga base ng kaaway at kinordon ang mga ito upang maitago ang kanilang mga kaswalti.

Ang serye ng operasyong ito ay bahagi ng hindi bababa sa 20 taktikal na opensibang inilunsad ng BHB-Bicol (Romulo Jallores Command) mula Pebrero 8 hanggang Marso 6. Tampok sa mga ito ang pag-isparokina Sgt. Rodel Rala ng 22nd IB at elemento ng CAFGU na si Nieto Arias sa Barangay San Isidro, Lib-



manan, Camarines Sur noong Pebrero 9, at ang koordinadong mga operasyong haras ng mga yunit milisya noong Pebrero 29 laban sa tatlong pormasyon ng kaaway sa mga barangay ng Altavista, Talisay, at Buenavista sa San Fernando, Ticao Island, Masbate.

Southern Tagalog. Matagumpay na inambus ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng 4th IB sa Barangay Hagan, Bongabong, Oriental Mindoro bandang alas-10:30 ng umaga noong Marso 15. Hindi bababa sa siyam na kaswalti ang tinamo ng kaaway mula sa aksyong militar.

Pinasinungalingan ng opensibang ito ang pahayag ng AFP na napahina na nito ang rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Mindoro.

Northern Luzon. Labimpito ang kaswalti ng 86th IB sa dalawang magkasunod na ambus ng BHB-Central Isabela (Reynaldo Piñon Command o RPC) sa San Mariano, Isabela noong Pebrero 28 at Marso 1.

Unang inambus ng RPC ang isang platoon mula sa "A" Coy ng 86th IB noong Pebrero 28 sa Barangay Buyasan, San Mariano. Tatlong elemento ng kaaway ang napatay at isa ang nasugatan. Ayon sa RPC, ilang minuto pa lang nang magsimula ang labanan ay dumating na ang suporta ng kaaway na dalawang helikopter at isang eroplanong pambomba.

Kasunod nito, noong Marso 1 ng alas-4 ng umaga ay muling inambus ng BHB ang mga pwersa ng "A" Coy na papalabas na mula sa pag-operasyon sa Barangay Tappa, San Mariano. Sa labanang ito, dalawa ang napatay at 11 ang sugatan sa kaaway. Kasama sa mga sugatan ang punong upisyal ng "A" Coy na si 1Lt. Randy Alog. Nasamsam ng BHB ang limang bakpak ng militar at isang *night vision goggles*.

Southern Mindanao. Tatlumpu't siyam na taktikal na opensiba sa loob ng unang dalawang buwan ng 2016 ang itinala ng BHB sa Southern Mindanao Region (SMR). Ayon kay Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB-SMR, itinatambol ng mga taktikal na opensibang ito ang kabiguan ng Oplan Bayanihan.

Nagpamalas ng kahusayan sa pakikidigmang gerilya ang BHB sa kabila ng sustenido at malupit na mga operasyong militar sa rehiyon, na isinasagawa ng hindi bababa sa 13 batalyon ng Philippine Army, tatlong Division Reconnaissance Company, ilang kumpanya ng Scout Ranger, mga pwersa ng PNP at mga paramilitar. Ang SMR ang itinuturing na pinakamilitarisadong rehiyon sa ngayon.

Ayon pa kay Sanchez, 79 ang kaswalti sa panig ng kaaway, kabilang ang 44 na napatay. Umaabot sa limang taktikal na opensiba bawat linggo ang ibinigwas ng BHB-SMR laban sa mga pasistang tropa.

Northeastern Mindanao. Magiting na aktibong depensa ang ihinarap ng BHB-Northeastern Mindanao Region (NEMR) laban sa tuluy-tuloy at brutal na atake ng Armed Forces of the Philippines sa rehiyon. Ayon kay Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front-NEMR, mayroong kabuuang 40 labanan ang naganap sa pagitan ng BHB-NEMR at mga pasistang tropa ng AFP at CAFGU sa loob lamang ng buwan ng Pebrero.

Nangunguna sa mga ito ang koordinadong mga atake noong Pebrero 25 laban sa mga kampo ng AFP-CAFGU at yaong mga nagsasagawa ng pambobomba at mga operasyong saywar. (*Tingnan ang Ang Bayan, Marso 7.*) Nagresulta ang mga opensibang ito sa pagkamatay ng 19 at pagkakasugat ng walong tropa ng AFP, hindi kabilang ang mga kaswalti na inilihim.

Inihayag din ni Ka Maria na walang-tigil ang mga operasyong

Radyo Pakikibaka: nagbabalita, nagsusuri, nakikidigma!

Sa buong bansa, isa sa mga gawaing ginagampanan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang matamang pagsubaybay sa maiinit na usaping pambayan, ang pagsusuri sa mga ito at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong paninindigan at panawagan sa hanay ng mamamayan. Sa iba't ibang rehiyon, isinasagawa ang mga “balitaan” at mga talakayan sa loob ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan bilang pagtugon sa gawaing ito. Masusing sinusubaybayan ng mga Pulang mandirigma ang mga balita sa radyo at telebisyon at ibinabahagi ang mga ito sa kapwa mandirigma at sa mamamayan.

Sa Timog Katagalugan, naging praktika na ng mga Pulang mandirigma ang paglulunsad ng Radyo Pakikibaka para ipalaganap ang mga pagsusuri at panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

Ang Seksyon sa Pulitika ng BHB ang nangunguna sa pagmomonitor at pangangalap ng mga balita sa ekonomya, pulitika, militar, sa ibayong dagat, lokal at iba pa. Isinusulat ang mga ito at nilalapatan ng mga kaukulang pagsusuri.

Ang Radyo Pakikibaka ay isang programang tipong *live broadcasting* kung saan mayroong mga tagabasa ng balita, mga reporter na tinaguriang Ronda Gerilya na nagbabahagi ng pagsu-

suri sa ilang partikular na balita, at ang Tinig ng Rebolusyon (TNR) na naglalahad ng pagpapalalim sa mga tampok na balita at nagsusuma sa programa. Ang TNR ay isinasagawa bilang pagpupugay rin sa kauna-unahang broadcaster ng Radyo Pakikibaka na si Gregorio “Ka Roger” Rosal, ang yumaong tagapagsalita ng PKP.

Sa ilang larangang gerilya, naging praktika na ang paglulunsad ng regular na sesyon ng Radyo Pakikibaka mula Lunes hanggang Biyernes at isang ispesyal na edisyon tuwing Sabado na kinatatam-
pukan ng pagsu-

sundan sa pahina 6



402nd Bde sa mga kabundukan ng Surigao del Sur, Surigao del Norte, at Agusan del Norte. Ginagawa din umanong *training ground* ang NEMR para sa mga *test mission* ng Scout Rangers.

Sa Surigao del Sur, patuloy na inaatake ng AFP ang mga bayan ng Lianga, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago, San Miguel, Cantilan, Cortes at ang Tandag City. Mula ikalawang linggo ng Pebrero,

naglunsad ng panibagong serye ng atake ang AFP sa mga bayan ng Alegria, Claver, at Gigaquit sa Surigao del Norte at gayundin sa Kitcharao, Agusan del Norte. Sa mga lugar na ito, mahigit isang linggong binomba ang mga komunidad. Ayon kay Ka Maria, umaabot sa 20 malalakas na bomba ang inihulog ng mga eroplano ng Philippine Air Force, at 13 beses nagpapatok ng kanyon ang 29th IB. **AB**

suma sa mga balita sa buong linggo o di kaya ay pagtalakay sa nilalaman ng *Ang Bayan, Kalatas* at ng rebolusyonaryong pahayagan sa lokal. Ang araw ng Linggo naman ay espesyal na pagtatanghal kung saan tampok ang iba't ibang pangkulturang likha tulad ng mga rebolusyonaryong awitin, tula at dula. Nagiging daluyan din ito ng popularisasyon ng mga awitin at panitikang rebolusyonaryo.

Ang mga balitaan tulad ng Radyo Pakikibaka ay mabi-

sang sandatang pampropaganda at pang-edukasyon sa-pagkat ang nilalaman nito ay pagsisiwalat ng mga usapin ng uring masang manggagawa, magsasaka at iba pang inaaping sektor sa lipunan. Bahagi ito ng pagpapasigla ng gawaing propaganda at kultura kung saan nasasanay din ang mga Pulang mandirigma sa pagsusulat, pagsusuri at pagtalakay ng mga balita sa pananaw ng rebolusyonaryong kilusan.

AB


Pakikibaka sa loob at labas ng piitan

Sa pag-alis ni Aquino sa pagkapanungulo, iiwanan niya kasabay ng santambak na utang, malalang kahirapan, at nagkalat na mga kaso ng korapsyon ang matinding rekord ng paglabag sa mga karapatang-tao. Kabilang dito ang mataas na bilang ng mga kaso ng iligal na pang-aaresto, pagsampa ng gawa-gawang kaso at matalagang detensyon.

Ayon sa Karapatan, umaabot sa 2,326 ang iligal na inaresto at 911 ang ikinulong ng rehimeng US-Aquino mula nang maupo ito hanggang Setyembre 2015. Sa kasalukuyang 560 detenidong pulitikal, 290 ang inaresto sa panahon ng rehimen. Kabilang dito ang 102 sa 136 na kabataang detenido.

Sa ilalim ng Oplan Bayanihan, ipinaloob sa “security sector reform” (SSR) ang pagsasampa ng mga kasong kriminal sa mga detenidong pulitikal. Nakahanda na nga ang mga puwang na John Doe at Jane Doe (ipinapangalan sa mga di kilalang suspek) sa mga kasong kriminal upang dito ilagay ang mga pangalan ng mga bagong nadadakip. Ginagamitan ang SSR ng “whole-of-nation initiative,” kung saan inaasahang magiging katulong ng militar ang husgado bilang isa sa mga “stakeholder” ng Oplan Bayanihan.

Pangkaraniwan sa lahat ng rehimeng papet ng US ang pampulitikang pang-aaresto at pagkulong. Layunin nitong kitlin ang mapanlabang diwa ng mga rebolusyonaryo



sa pamamagitan ng matagalang pagkukulong at “rehabilitasyon.”

Ginagamit ang gawa-gawang mga kasong kriminal upang patagalin nang patagalin ang pagbibimbina sa mga detenido. Layunin ng mga pasista na bulukin sila sa detensyon, wasakin ang kanilang paninindigan at pahinain ang kanilang mga pangangatawan. Kung magkagayon, maibibilang na sila sa mga “nyutralisado” ng estado at kawayan sa rebolusyonaryong kilusan.

Kaya't habang nag-iingat para iwasan ang aresto at detensyon, dapat ding paghandaan ng sinumang rebolusyonaryo ang posibilidad ng mga ito. Kung mangyari man, dapat puspulang isulong ang mga pakikibaka sa loob ng kulungan upang biguin ang layunin ng estado.

Una sa mga tungkulin ng mga rebolusyonaryo sa detensyon ang pagkamit ng kalayaan sa paraang ligal o iligal, pangunahin nang iligal, upang makabalik sa pangunahing agos ng rebolusyonaryong kilusan.

Hindi dapat nagpapakasapat sa pasibong paghintay ng hatol ng burges na estado o mga pangako ng amnestiya. Sa pinakamadaling panahon, maghanap ng pinakaepektibo at mabilis na paraang mapalaya ang sarili. Kahit noong napakahigpit na panahon ng batas militar, marami ang kasamang nakalaya sa pamamagitan ng kolektibo, organisadong pinagplanuhang pagtakas at may ilang nakatakas sa mga dagliang pagkakataon.

Ikalawa, panatilihin ang mataas ang integridad at prestihiyo ng Partido at rebolusyon habang nakakulong at sa harap ng kaaway. Ang disiplina at mataas na diwa ng kolektibidad habang kumikilos sa labas ay hindi dapat mawala dahil lamang hawak na ng kaaway. Hindi nawawala ang pagiging kasapi ng rebolusyonaryong organisasyon habang nasa loob ng kulungan, kaya iniwasan ang pagbalik sa mga bulok at mapagsamantalang gawi habang

nasa loob ng kulungan. Sinasadya ng kaaway na ipain sa mga bilanggo ang mga kabulukan upang panghinain sila. Dapat ay nagiging mapagbantay sa mga ito.

Ikatlo ang pagpapanatili ng rebolusyonaryong katatagan at pagpapaunlad sa rebolusyonaryong paninindigan. Nakapagtatayo ng mga lihim na grupo ng Partido sa loob ng kulungan at naglulunsad ng mga pag-aaral dito. Napananatiling lihim ang dapat ay lihim, at hindi nagpapagapi sa mga pananakot at panlalansi ng kaaway. Nakapagpapalitaw ng mga bagong kasapi ng Partido mula sa mga nakulong na aktibista o simpatisador. Natatanging katatagan ang kailangan upang hindi sumuko sa pisikal o sikolohikal na tortyur na karaniwang ginagawa ng pulis at militar upang madakip ang iba pang mga rebolusyonaryo. Kailangan din na paunlarin ang kalusugan at pangangatawan na tumatanaw sa pagbabalik sa armadong pakikibaka sa kanayunan o hamon ng lihim na pagkilos.

Ikaapat na tungkulin ang ipaglaban ang kapakanan ng mga bilanggo sa loob ng kulungan. Sa mahabang karanasan ng kilusan, naipagtagumpay ng mga detenido ang dagdag na badyet sa pagkain, mas maayos na mga akomodasyon, mga karapatan sa bisita, pagsasama ng mag-asawa, ehersisyo, pagpapaaraw at iba pa. Naipaglaban ang pagpapagamot o pagpapalaya sa mga detenidong may edad, may karamdaman, mga buntis o inang may sanggol.

Ikalima, mulatin ang mga kamaag-anak at kaibigang bumibisita at pakitunguhan ang mga bilanggong hindi detenidong pulitikal. Lalo na sa mga detenidong inuusig ng kaaway at hindi nabibisita ng pamilya at mga kaibigan sa mahabang panahon, ito na ang pagkakataon upang maipaliwanag sa kanila ang kalagayan ng bayan at mga dahilan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Makabubuting himukin silang maging kasapi ng mga demokratiko o makabayang organi-

sasyon.

May halaga rin ang pakikitungo hanggang sa pagmulat sa iba pang bilanggo para sa relatibong pagluwag ng kalagayan ng detenido sa loob ng kulungan, lalo na sa mga *provincial* o *city jail*. Makatutulong itong mapapurool ang mga pakana ng kaaway na gamitin ang mga elementong lumpen sa loob ng kulungan upang pahirapan o pinsalain ang mga detenidong pulitikal.

Ikaanim na tungkulin ang pagsuporta sa mga pakikibaka sa labas ng kulungan. Iba't ibang anyo ng pakikibaka ang kayang gawin ng mga detenido para ipakita ang ka-

nilang pakikiisa sa mga isyung ipinaglalaman ng masang anakpawis. Nitong nakaraan, naglunsad ng mga *hunger strike*, pagkanta ng mga progresibong awit, at paglabas ng mga pahayag kasabay ng mobilisasyon at iba pang aksyong masa sa mga pangkalahatang isyu.

Ang mga pakikibaka sa loob ng bilangguan ay nagiging pandayan ng paninindigan at mas lumalakas ang pagnanais ng mga detenido na makabalik agad sa pangunahing agos ng rebolusyonaryong pagkilos. Nakalikha sila ng ingay na tumutulig sa kaaway kahit sa loob na ng sarili nitong piitan. AB

2,000, nagbarikada sa kampo ng Eastmincom

UMAABOT sa 2,000 magsasaka, Lumad, at mga maliitang minero ang nagbarikada sa harap ng himpilan ng Eastern Mindanao Command ng Philippine Army sa Davao City noong Marso 18 upang muling igiit ang pagpapalayas sa mga militar mula sa mga komunidad at paaralan.

Ayon kay Kerlan Fanagel, tagapangulo ng Pasaka Confederation of Lumads, nasagad na nila ang pakikipagdayalogo sa maraming ahensya ng reaksyunaryong guberno. Aniya, "nanatiling bulag at bingi sa mga hinihingi ng mamamayan" ang mga ito.

Gayundin, nanawagan ang mga nagprotesta na itigil na ang panghahas sa mga magsasaka at Lumad, buwagin at disarmahan ang mga grupong paramilitar, itayong muli ang mga paaralang Lumad, arestuhin at isakdal ang mga pasimuno ng mga paglabag sa karapatang-tao, ibasura ang mga gawagawang kasong isinampa laban sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon, at tiyakin ang ligtas na

pagbalik ng mga bakwit sa kaniyang mga komunidad. Pangunahing nagmumula sa Compostela Valley, Davao del Norte, Bukidnon at Surigao del Sur ang mga bakwit na Lumad.

Pinaralisa ng barikada ang bahagi ng Davao-Agusan Highway sa Panacan nang halos buong araw, at hindi natinag ang mga nagprotesta nang makipagdayalogo ang kinatawan ng lokal na pamahalaan ng Davao City. Ayon pa kay Fanagel, hindi sila titigil hangga't walang katiyakan na tutugunan ang kanilang mga iginigiit. AB



Araw ng Kababaihang Anakpawis, ginunita

Nagmartsa sa lansangan noong Marso 8 ang libu-libong kababaihan at kanilang mga tagasuportang kalalakihan para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis. Sa pangunguna ng Gabriela National Alliance, tinuligsa nila ang anim-na-taong panunungkulan ni Benigno Aquino III, na anila'y nagpalala sa kalagayan ng kababaihan. Dumalo sa mga rali ang mga inimitang kandidato sa darating na halalan at nangakong itataguyod ang adyenda ng kababaihan sakaling mahalal sila.

Sa Maynila, nagmartsa mula Liwasang Bonifacio tungong Mendiola Bridge ang mga raliyista. Nagkaroon ng katulad na mga pagkilos sa mga lunsod ng Baguio, Cebu, Cagayan de Oro at Davao, gayundin sa iba't ibang syudad at sentrong bayan sa Southern Tagalog at Bicol.

Pangunahing panawagan ng kababaihan ang regular na trabaho at disentang sahod, gayundin ang pagkakapantay-pantay sa mga lugar ng paggawa at mas maayos na kundisyon sa paggawa.

Ayon sa Center for Women's Resources, umaabot sa isang milyong Pilipina ang walang trabaho habang 2.5 milyon ang kulang sa oras ang trabaho. Sa 15 milyong may trabaho, 55% lamang ang sahurang at swelduhan. Karamihan sa kanila (2.64 milyon) ay may mababang kasanayan at karaniwang tumatanggap lamang ng abereyds na P150/araw.

Mula 2010, lumala ang kawalan ng regular na trabaho sa kanilang hanay. Tumaas nang 16% ang bilang ng kababaihang kaswal habang ang bilang ng mga iniempleyo nang arawan o lingguhan ay tumaas nang 73%.

Mababa na sa pangkabuuan, mas mababa pa ang natatanggap na sahod ng kababaihan kumpara sa kalalakihan. Para sa parehong bilang ng oras ng paggawa, karaniwang tumatanggap ng P163/araw ang kababaihan, kumpara sa P230/araw ng kalalakihan. Sa kanayunan, tumatanggap ng P243 ang babaeng manggagawang bukid kumpara sa P257 na sinasahod ng kalalakihan.

Liban dito, kababaihan rin ang mayorya sa mga biktima ng mga aksidente sa lugar ng paggawa sa nakaraang anim na taon. Kabilang dito ang mga sunog sa Kentex, Asia Micro Tech at Novo Jeans.

Samantala, nagdala ang kababaihang myembro ng Kadamay ng 500 timba na walang laman sa Mendiola. Anila, simbolo ito ng kawalan ng tubig at iba pang batayang

serbisyo sa kanilang mga komunidad. Tinuligsa nila ang programang 4Ps, na batid nilang ginagamit ng reaksyunaryong estado para manipulahin at kontrolin ang kababaihan sa mga maralitang komunidad.

Sa mga pagkilos, ipinunto rin ng Gabriela ang tumitinding karahansang dinaranas ng kababaihan at mga bata sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Alinsunod sa estadistikang nakalap ng grupo, tumaas nang 200% ang bilang ng mga kaso ng pang-aabuso at pandarahas laban sa kababaihan at mga bata mula 2010 hanggang 2014. Tumaas nang 92% ang bilang ng mga biktima ng pang-gagahasa, kung saan pito sa bawat sampung biktima ay menor-de-edad.

Samantala, naglunsad kama-kailan ang mga kasapi ng Makibaka ng raling-iglap sa Maynila bilang paggunita sa nalalapit na ika-47 na anibersaryo ng BHB. **AB**

3 magsasaka, pinagbabaril sa Surigao del Sur

TATLONG magsasaka ang biktima ng walang pakundangang pamamaril ng 2nd Special Forces Battalion (SFB) sa Surigao del Sur. Dumanas ng paninindak at pinsala ang tatlong magsasaka na sina Benjie dela Peña, Saldy Maca at Pampias Ventura.

Sina dela Peña, 25, at Maca, 34, ay kapwa nasa kani-kanilang mga bukirin sa Barangay Carromata, San Miguel noong Marso 18 nang pagbabarilin sila bandang alas-10 ng umaga. Tinamaan si dela Peña ng bala sa kaliwang hita. Lubhang naantala ang pagdadala sa kanya ng kanyang mga kababaryo sa ospital dahil makailang ulit na hinarang ang kanilang grupo sa mga tsekpoynt. Ito ay kahit may naghihintay na ambulansya para sa kanya. Ipinailalim siya sa matinding interogasyon, ginipit at pinilit na umaming kasapi ng BHB.

Ang ikatlong biktima, si Ventura, 48, ay una nang biniktima ng 2nd SFB sa parehong baryo noong Enero 22. Naganap ang pamamaril tatlong araw matapos ideklara ng AFP na "conflict-manageable and ready for further development" ang prubinsya. Ang 2nd SFB ay iligal na nakakampo sa Surigao del Sur National Agricultural School.

Samantala, kinundena ng Karapatan-SMR ang ginawang paghugas-kamay ng 10th ID nang inabswelto nito ang matataas na upisyal ng militar sa kaso ng pagtorturyur sa mag-amang magsasaka noong Pebrero 19.

Si Orlano Engo, 52, at ang kanyang 15-taong gulang na anak na lalaki, ay dumanas ng matinding kalupitan sa kamay ni Cpl. Sandy Batolbatol ng 72nd IB at apat na elemento ng CAFGU sa kanilang kampo sa Barangay Demoloc, Malita, Davao Occidental. Dinala ang mag-ama sa tarangkahan ng kampo militar at doon ay brutal na pinahirapan. Nakunan ng bidyo ang matinding pagtorturyur sa kanila at ini-upload sa Facebook. Umani ng matinding pagkundena ang AFP sa Mindanao dahil dito. **AB**

Pagpapatibay sa K+12, tinuligsa

Tinuligsa ng mga estudyante, magulang at guro ang desisyon ng Korte Suprema noong Marso 16 na bigyang-daan ang pagpapatupad ng programang K+12 sa darating na pasukan. Dahil sa desisyong ito, mahigit isang milyong estudyante na hindi kakayaning saluhin ng pampublikong sistema ng edukasyon ang isusubo sa mga pribadong paaralan para pagkakitaan ng mga kapitalistang edukador.

Kaugnay nito, umabot sa halos tatlong ulit na mas malaki ang pondong inilaan ng rehimeng Aquino sa General Assistance for Students and Teachers in Private Education o GASTPE ngayong 2016. Mula P8.34 bilyon, naglaan si Aquino ng P21.19 bilyon para sa pondo na pakikinabangan ng mga pribadong eskwelahan. Halos kalahati ng 5,400 na pribadong hayskul ay nakikinabang sa pondong ito.

Sa pamamagitan din ng desisyong ito, wala nang balakid para lubusang ipatupad ang layunin ng K+12 na pagsilbihin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas sa pangangailangan ng malalaking negosyo sa loob at labas ng bansa.

Ang pagpapatupad ng K+12 ay bahagi ng pagtugon ng rehimeng

Aquino sa mga rekisito para sa "integrasyon" ng lokal na ekonomya sa internasyunal na merkado sa balangkas ng neoliberal na globalisasyon. Ipinangalandakan ng mga ahensya nito na layunin ng programa ang ipailalim ang lokal na kurikulum sa mga pamantayang teknikal at akademiko ng Europe at US pangunahin para iangkop ang kalamayan ng mga Pilipinong estudyante sa mga pangangailangang industriyal at propesyunal doon.

Ang hinahabol na "kalidad na edukasyon" ay walang iba kundi ang pagpapalitaw ng mga gradweyt para sa pamilihan ng paggawa. Inihahanda nito ang mga kabataang Pilipino para sa mababang-sahod at bulnerableng mga trabaho sa loob at labas ng bansa. Pinagtibay nito ang dati

nang kontra-mamamayan at kontra-manggagawang patakaran ng estado, tulad ng pag-eksport ng lakas-paggawa at pleksibilisasyon.

Liban sa K+12, ipinatutupad na rin ng rehimeng US-Aquino ang iba pang neoliberal na hakbang sa edukasyon. Kabilang dito ang pagtanggap ng mga kursong Pilipino, literatura at iba pang may kaugnayan sa lipunan at sistemang Pilipino sa kurikulum sa kolehiyo.

Tulak rin ng neoliberalismo ang ibayong komersyalisasyon ng edukasyon. Maraming kapitalista ang malaon nang "namuhunan" sa mga institusyon ng edukasyon para magsanay ng mga manggagawang kailangan ng kanilang mga negosyo. Direkta rin nilang pinakikinabangan ang mga akademikong pagsusuri at pananaliksik. Dahil sa gayong "pamumuhunan," lalo ngayong itinuturing ang edukasyon bilang kalakal na kailangang bayaran ng mga estudyante at kanilang mga magulang. AB

Ibayong komersyalisasyon ng UP

BINATIKOS ng mga estudyante ang pagpangalan ng University of the Philippines (UP) sa pangunahing gusali nito kay Henry Sy Sr, kapangalan ng anak niyang malaking kumprador na si Henry Sy Jr. ng SM. Ang gusali ay itinayo sa bagong kampus ng UP sa Bonifacio Global City, Taguig City.

"Garapalang komersyalisasyon" ang pagpupugay ng UP sa isang kumprador na bantog sa pagiging kontra-manggagawa at tagapagpatupad ng kontraktwalisasyon. Ang pamilyang Sy ang may-ari ng mga *mall* na SM at pinakamalaking bangkong Banco de Oro.

Ang pagpangalan ng gusali ay ibinunsod ng "donasyon" ng pamilyang Sy sa unibersidad ng siyam na palapag na gusaling nagkakahalaga ng P400 milyon. Tinawag na UP Professional School, isasagawa sa gusaling ito ang mga kursong *masteral at doctoral sa engineering, business, statistics, urban and regional planning at labor and industrial relations*. Pormal na ipinaubaya ng pamilyang Sy ang gusali sa UP noong Marso 1.

Hindi ito ang unang pagkakataong napilitang makipagsosyo ng UP sa pinakamalalaking kumprador at dayuhang mga kumpanya dulot ng kakulangan ng badyet.

Samantala, libu-libong estudyante ang nag*walk-out* mula sa kanilang mga klase noong Pebrero 24 para iprotesta ang muling pagtaas ng matrikula sa darating na pasukan. Naglunsad ng mga koordinadong protesta ang mga estudyante mula sa Polytechnic University of the Philippines, UP-Manila at UP-Diliman at University of Santo Tomas sa kani-kanilang mga kampus bago tumungo sa Mendiola sa Maynila. Nagkaroon din ng mga protesta sa mga kampus ng UP sa Los Baños, Laguna at sa Cebu City.

Sa Baguio City, nag*walk-out* ang mga estudyante ng UP-Baguio, University of the Cordilleras, at Saint Louis University. Sa Davao, nagrali ang mga estudyante sa harap ng Commission on Higher Education Regional Office.

Mula 2010, doble ang itinaas ng matrikula ng mga pribadong eskwelahan mula P30,000-P50,000 tungong P60,000-P100,000 sa 2015. Sa parehong panahon, daan-libo ang kinita ng mga unibersidad at kolehiyong pinatatakbo bilang mga korporasyon. Taun-taon, lima sa mga eskwelahang ito ang napapabilang sa Top 1000 na korporasyon ng bansa. AB

Manggagawa ng TV5, nagprotesta

Noong Marso 4, nagpiket sa harap ng kanilang upisina sa Reliance St., Mandaluyong City ang mga manggagawa ng TV5 Media Center laban sa mababang sahod, hindi pagbibigay ng mga benepisyo, kontraktwalisasyon at panggigipit sa mga myembro ng kanilang unyon. Ang kilos-protestang ito ay bahagi ng serye ng mga paglaban ng mga manggagawa ng malalaking istasyon ng telebisyon sa nakaraang anim na taon.

Pakikibaka sa TV5

Sunud-sunod na pagkilos ang isinagawa ng mga manggagawa ng TV5 sa ilalim ng ABC Employees Union (ABCEU) matapos mabara ang negosasyon para sa isang panibagong *collective bargaining agreement* (CBA) noon pang Setyembre 2015. Ayon sa ABCEU, humantong sa dedlak ang negosasyon dahil sa pagtanggigipit ng kumpanya na makabuluhang itaas ang sahod ng mga manggagawa nito at gawing regular ang daan-daang kontraktwal na manggagawa ng istasyon.

Tinanggihan ng mga manggagawa ang alok ng maneydsment na P3,000 dagdag na sahod na ipatutupad sa loob ng dalawang taon. Malayong mas mababa ito sa P9,500 na dagdag-sahod na nakamit nila noong 2010. Masahol pa, ang pagbibigay ng umento ay nakadepende sa kita ng kumpanya at perormans ng indibidwal na manggagawa ang kalahati o P1,500 nito sa ilalim ng dalawang-andanang sistema ng pasahod (*two-tier wage system*).

Ayon sa unyon, milyun-milyon ang kinikita ng kumpanya laluna mula sa patalastas ng mga kandidato ngayong panahon ng eleksyon. Anila, ang isang 30-segundong patalastas ay nagkakahalaga ng P444,000. Samantala, umaabot lamang nang P11,500 ang pinakamababang sahod ng mga manggagawa ng TV5 sa istasyon nito sa Metro Manila at P8,000 sa mga istasyon nito sa prubinsya.

Kinundena din ng unyon ang pagpapatupad ng maneydsment ng mga alituntunin na unilateral nitong binuo at arbitraryong ipinatutupad.

Madalas, humahantong sa pagtanggigipit sa trabaho ang *penalty* kahit sa magagaang kaso ng paglabag. Batid nilang ang mga alituntuning ito ay paraan ng maneydsment para mabilis na sisantehin ang sinumang kasapi ng unyon.

Kasabay ng paggigiit ng bagong CBA, nanawagan din ang unyon para sa regularisasyon ng daan-daang kontraktwal ng kumpanya. Ang TV5 Media Center ay pinatatakbo ni Manuel Pangilinan, isa sa pinakamalaking kumprador sa bansa.

Tagumpay sa GMA Network at ABS-CBN

Sa GMA at ABS-CBN, matagumpay na nalabanan ng mga manggagawa ang kontraktwalisasyon, arbitraryong pagtatanggal sa trabaho at samutsaring panggigipit.

Noong Enero 16, ipinagtibay ng National Labor Relations Commission sa pangatlong pagkakataon ang desisyon nitong ideklarang regular na mga manggagawa ng GMA Network ang mga "talent" nito. Sa gayon, nararapat na igawad sa kanila ang seguridad sa trabaho at iba pang benepisyo. Tinatawag ng kumpanya na "talent" ang mga manggagawang may takdang kontrata mula tatlong buwan hanggang limang taon para itago ang kontraktwal nilang katangian.

Pumutok ang laban sa loob ng GMA matapos arbitraryong sisantehin ng kumpanya ang mga talent nitong gumiit na ituring silang regular noon pang 2015. Sa pangu-



nguna ng Talents Association of GMA (TAG), nagpursige ang mga sinisanteng manggagawa at kanilang mga tagasuporta sa kabila ng panggigipit ng kumpanya. Ang mga myembro ng TAG ay kabilang sa mga nagpapatakbo ng mga programang Brigada, Jessica Soho Reports, Reporter's Notebook at iba pa.

Sa ABS-CBN, matagumpay na naigiit ng mga manggagawang kasapi ng Internal Job Market ang kanilang istatus bilang mga manggagawa ng ABS-CBN at hindi ng *labor agency* na pagmamay-ari nito. Noong 2012, pinal na nagdesisyon ang Court of Appeals na kumilala sa ABS-CBN Internal Job Market Employees Union bilang lehitimong unyon at inutusan ang kumpanya na ibigay ang *backpay*, *separation pay* at danyos-perwisyo sa lahat ng mga manggagawang arbitraryo nitong tinanggal sa trabaho.

Samantala, nagkamit din ng malaking tagumpay ang mga manggagawa sa radyo ng RMN Broadcasting Network-Davao noong 2012. Matapos ang ilang linggong welga, epektibong nalabanan ng kanilang unyon ang iligal na pagtatanggal sa trabaho sa kanilang mga lider at kasapi at naipaglaban ang iba pang benepisyo.

Si Grace Poe at Danding Cojuangco

Kinundena ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang pahayag ni Sen. Grace Poe, kandidato sa pagkapangulo, na umaabswelto kay Eduardo "Danding" Cojuangco sa multi-bilyong pisong pondong *coco levy*. Ayon kay Poe, wala nang kontrol si Cojuangco sa pondo at may desisyon na rin ang Korte Suprema noong 2014 na ipamahagi ito sa mga magniniyog at gamitin sa pagpapaunlad ng industriya ng niyog.

Ang pondong *coco levy* ay nagmula sa buwis na ipinataw ng dikta-durang US-Marcos sa mga magniniyog. Matapos ang pag-aalsang EDSA, ginamit ng rehimen ni Corason Aquino ang Presidential Commission on Good Government (PCGG) para kunin ang nakaw na yaman ng rehimen Marcos, kabilang ang mga ari-ariang napasakamay sa kroni nitong si Cojuangco gamit ang *coco levy* tulad ng United Coconut Planters' Bank (UCPB) at San Miguel Corporation (SMC) noong 1983.

Sa harap ng paggigiit ng mga magniniyog na ibalik sa kanila ng pondong *coco levy*, hinarang ng PCGG ang tuluyang pamamahagi ng pondo sa mga magsasaka. Ang pondong ito ay umaabot na sa mahigit P83 bilyon sa kasalukuyan—P73 bilyon mula sa nabawing sapi sa SMC at mahigit P10 bilyong sapi sa UCPB at mga gilingan na hawak ng Coconut Industry Investment Fund. Sa tagal ng panahon ng paghihintay ng mga magniniyog, umaabot na sa P56-58 bilyon ang nawala rito.

Sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema na ipamahagi na ang pondo, nanatili kay Cojuangco ang 20% sapi sa SMC na nabili mula sa pondo ng *coco levy*. Lantarang sabwatan at maniobra ito ng Korte Suprema, ni Cojuangco at pamangkin nitong si Benigno Aquino III upang patuloy pang pagsamantalahan ang mga magniniyog.

Sa halip na bigyang hustisya ang halos 3.5 milyong magniniyog sa pamamagitan ng pagpapanagot kay Cojuangco at kanyang mga kasabwat, pinawalang-sala ni Poe ang isa sa pinakamalaking magnanakaw ng

pondo ng *coco levy*. Insulto ito sa mga magsasakang dumanas ng kahirapan mula sa panahon ng diktadurang Marcos hanggang sa kasalukuyan. Matapos masiguro ang pag-endorso ng partido ni Cojuangco na Nationalist People's Coalition, tila naging tagapagsalita at tagapagtanggol na ni Cojuangco si Poe.

Umani rin ng batikos si Poe nang ipahayag nito sa isang pagtitipon sa



Roxas City, Capiz ang plano niyang italaga si Benigno Aquino III bilang tagapayo sa paglaban sa korapsyon sa kanyang magiging gabinete. Malaking kabulastugan ito gayong si Aquino at kanyang mga alipures ang utak sa likod ng *pork barrel* at Disbursement Acceleration Program, na pinasimulan para magamit ang pondo ng gubyerno na wala sa badyet. **AB**

Lider ng Basque, pinalaya

NOONG Marso 1, pinalaya ng Spain ang detenidong pulitikal na si Arnaldo Otegi makalipas ang mahigit na anim na taong di makatarungang pagkakakulong.

Si Otegi ay pangkalahatang kalihim ng Surto na nakikibaka para sa sesesyon o paghihiwalay ng rehiyong Basque mula sa Spain at France. Dati siyang kinatawan sa parlamento ng Basque sa bahaging nakapailalim sa Spain. Dati rin siyang kasapi ng Herri Batasuna at Euskal Herritarok, mga partidong idineklara ng Spain na ilegal dahil sa ugnayan diumano ng mga ito sa armadong grupong ETA (Euskadi Ta Askatasuna o Lupang Tinubuan at Kalayaan para sa Basque) na nakikibaka rin para sa sesesyon.

Noong Oktubre 2009, inaresto siya sa pagtangka umanong buuin muli ang Batasuna, at hinatulang makulong nang 10 taon. Pinaikli ang sentensya niya sa anim at kalahating taon noong 2012. Sa paglabas ng kulungan, idineklara ni Otegi sa daan-daang tagasuporta sa harap ng kulungan na siya at ang kapwa mga bilanggo ay pumasok at lumabas sa kulungan na walang pinag-iba bilang mga tagapagtaguyod ng kasarinlan at tagasuporta ng sosyalismo.

Binati ng National Democratic Front of the Philippines si Otegi at ang mamamayang Basque sa naipaglaban nilang pagpapalaya sa kaniyang lider at iba pang detenidong pulitikal. Noong Enero 9, mahigit 70,000 mamamayan ang nagrali sa Bilbao, isang bayan sa Basque para hilingin ang pag-uwi ng 400 bilanggong pulitikal na inakusahang mga myembro ng ETA at ikinalat sa mga liblib at malalayong kulungan sa loob at labas ng Spain. Kasabay nito, 10,000 ang nagmartsa sa Bayonne, pinakamalaking syudad ng Basque sa France.

Ang ETA ay itinayo noong 1959 para armadong ipaglaban ang kasarinlan ng mamamayang Basque na nahahati sa Spain at France. Sumulong ang nasyunalismo ng mamamayang Basque lalo na nang marahas na supilin ng pasistang si Heneral Franco ang rehiyon na ito dahil sa pagpanig sa mga Republikano noong gera sibil. Dinurog noon ng bomba ang syudad ng Guernica sa loob ng Basque. Sa ngayon ay may bisa pa ang idineklara ng ETA na tigil-putukan noong Setyembre 5, 2010. **AB**